# Philippine Biblical Worldview Institute

**Certificate in Biblical Studies**
**Course100 Primeval History**

## CBS109 More Reflections

**Conrad Jun Tolosa**

*A.* Kung hindi paniniwalaan nang literal ang mga pangyayari sa Genesis, tulad nang sinasabi ng mga paring Catolico, magiging napakagulong ipaliwanag ang pinagmulan ng kasalanan at kung paano nito naapektuhan ang lahat ng tao at ang kalikasan. Mayroong dapat tanggaping literal at mayroong dapat unawaing pagsasalarawan (figurative) na taglay ng mga salaysay sa Bible. Ang pag-aaral ng mga prinsipyo patungkol sa tamang interpretasyon ng Scripture ay mahalaga para sa mga alagad ni Cristo. Romans 5:12, Genesis 2:17. Ang ginawa ng Iglesya ng Romano Catolico ay ang agawin ang final authority for faith and practice mula sa Bibliya.

Kanino dapat umaasa ang tao para magkaroon ka ng kaliwanagan sa mga tinuturo ni Cristo tungkol sa katotohanan na bumabalot sa hiwaga ng buhay? Ito ay dapat itanong ng bawat Pilipino sa kanyang sarili. Nararapat na gamitin ang sariling pag-iisip at hindi na lamang lunok nang lunok sa bawat tinuturo ng kanilang mga church leaders o teachers. Kailangan i-apply ang tinatawag na critical thinking kapag nagsasaliksik ng kasagutan sa mga hiwagang bumabalot sa buhay ng tao.

*B.* Magulo ang tahanang Pinoy dahil marami ang under-de-saya dito sa ating bansa. Hari nga si tatay, ngunit si nanay ang alas. Si nanay ang commander. At hindi nakatutulong ang situwasyon na ayaw naman talagang manguna ni tatay pagdating sa mahihirap na bagay na kailangan ang desisyon - lalo na pagdating sa spiritual matters. *Para wala ng gulo* ang madalas niyang excuse. Basta nagbibigay siya ng perang pang-gastos, ang palagay ni tatay ay tinutupad na niya ang kanyang tungkulin bilang ama ng tahanan. Hindi kaya sa dahilan na ayaw niyang masisi kung mali ang gagawing desisyon?

*C.* Ang mga Pilipino ay gaya-gaya sa America. Kung ano ang kanilang nakikita na katanggap-tanggap sa American society, gagawin din nila. At ang mga celebrities ang tinutularan ng madla, doon at dito. Kaya kung okay lang sa mga artista na nabubuntis maski hindi kasal, okay na rin sa kanila.

Ang problema ay ito: Walang sex education sa public school dito sa ating bansa na mayroon sa mga secular countries. Yun nga lang, ang ibig sabihin ng sex education sa mga secular countries ay safe sex. Tinuturo sa mga teen-agers sa public school na gumamit ng birth control pills o condom kung makikipag-sex para hindi mabuntis ang babae.

At kapag nabuntis, may alternatibo sa pagdadalang-tao - abortion, sapagkat ito ay legal. Safe sex education ay hindi tinuturo dito sa Pilipinas at hindi dapat ituro. Ang dapat ituro ay no-sex-before-marriage. Ang family planning ang dapat ituro sa mga mag-asawa o malapit nang ikasal. Dapat din namang ituro na ang iba't ibang uri ng birth control pills ay may sangkap na deadly sa embryo upang hindi na ito magdevelop at ito ay maagang ilaglag ng katawan ng babae.

*Tanong:* Dapat bang ituro sa mga public middle at high schools na ang sex ay para lamang sa mag-asawa at ang pagpa-practice ng sex outside of marriage ay kasalanan? Dapat ba na ang magulang ang magturo sa kanilang mga anak patungkol sa bagay na ito? Paano ito mangyayari?

*D.* Dahil sa kasalanan, pagulo nang pagulo ang tahanang Pinoy. At lalo pang gugulo paglabas ng cute na baby; cute nga pero mas rebelde pa sa magulang. Paglabas pa lang, iiyak na at hindi hihinto hanggat hindi niya nakakamtan ang kanyang gusto. Ebidensya na ang anak, baby pa lang, ay makikipag-agawan na ng control.

Pagdating sa opisina, ganoon din ang mapagmamasdan, ang bawat isa ay may gustong siya ang masunod. Ibig sabihin, nasa kanya ang control. Sa gobyerno, ganoon din. Kaya hindi tayo dapat magtaka kung napakarami ang civil war sa mundo. Walang hinto.

*E.* Hindi kaila sa inyo ang ugali ng ating mga jeepney drivers. Saan sila nagsasakay at nagbababa ng pasahero? Doon sa bawal. Saan nagtatapon ang karamihan ng basura? Doon sa bawal. Bakit sa dilim tayo madalas gumagawa ng kasalanan? Dahil bawal para hindi tayo makita. Subalit kung ang lahat ay gumagawa ng pinagbabawal, bawal pa ba? Ang sabi ng mga nangungurakot sa gobyerno, hindi na.

Kung normal na ang pagsasama na wala nang kasal-kasal, bawal pa ba? Ang sabi sa madla ng mga hinahangaan sa lipunan ay, Okay na ang sumuway sa batas dahil wala namang huhuli sa iyo; Okay nang magsama kahit hindi kasal at okay lang mag-sex, uso ngayon yan sa mga kabataan; Okay nang mangurakot dahil pana-panahon lang yan at tanggap na yan sa mga nasa gobyerno. Like father, like son, at like mother like daughter. Ang sabi nga, Mana-mana lang yan. Kaya huwag tayong magtaka kung saling-henerasyon ang corruption sa Pilipinas. Subalit dahil ang sabi ng Diyos ay kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, kaya hindi rin naman dapat pagtakhan kung bakit naghihirap ang ating bansa. Napakarami sanang pagpapala ang ating makakamtan subalit nauuwi lamang sa sayang dahil sa sunod-sunuran tayo sa paggawa ng mali at hindi sa paggawa ng tama.

*F.* Ang kadalasang tanong ng mga anak ng squatters dito sa Pilipinas ay ito: *Saan naman kami maninirahan kung hindi dito sa Metro Manila? Wala namang trabaho sa probinsiya kaya paano kami mabubuhay doon?*

Ano ang dapat gawin ng gobyerno at simbahan para matulungan ang mga mahihirap sa probinsya?

Nakalimutan na ng sambayanang Pilipino ang mandato ng Diyos na lupigin ang lupa at ang katotohanan sa likuran nito na sa pagbubungkal ng lupa ay mayroong kakainin ang tao.

Ang pagbubungkal na rin ng lupa upang makapagtanim ng lahat ng uri ng nagbubungang punongkahoy ang panggagalingan ng material para makapagtayo ng bahay.

At kasama na rin sa pagbubungkal ng lupa ang pagpaparami ng hayop na magsisilbing pagkain para sa mga mamamayan.

Sa katunayan, kung hindi magsisiksikan ang mga Pilipino sa Metro Manila o ano pa mang malalaking siyudad, matutupad nila ang mandatong punuin ang buong kapuluan ng Pilipinas, lupigin ang buong lupain at pamahalaan ang lahat ng isda sa ating karagatan, mga ibon sa ating himpapawid at mga hayop sa ating kagubatan at kabukiran.

***Multiple Choice*:**

1. Alin ang maling statement?
   a. Ok lang ang sex outside marriage kasi normal na ngayon ito at wala nang magja-judge sa iyo na mali ang ginagawa mo dahil lahat naman ay nag-e-engage sa casual.sex.
   b. Ok lang mag-sex outside of marriage basta ikumpisal mo lang agad.
   c. Ok lang lang ang mag-sex kung ito ay bunga ng true love.
   d. All of the above.

2. Alin ang tamang statement?
   a. Dapat sundin ang isip at hindi ang puso.
   b. Sundin mo ang ninanais ng iyong puso, let your heart be your guide.
   c. Ang puso ng tao ay mandaraya, hindi ito ang dapat pagkatiwalaan sa decision-making.
   d. None of the above.

3. Ano ang pumipigil sa pag-aaral ng salita ng Diyos na hindi dapat kasanayan ng believers?
   a. Panonood ng TV
   b. Trabaho
   c. Social media
   d. All of the above

4. Sobrang paggastos sa hindi kailangang bilhin na damit o sapatos ay kasalanan.
   a. Tama
   b. Mali

5. Kung hindi mo alam ang katotohanan na bumabalot sa isang mahalagang issue:
   a. ok lang, huwag ka na lang magsalita.
   b. kung ano sa iyong palagay ang tama, doon ka na lang.
   c. saliksikin mo ang Bibliya para sa tamang pananaw tungkol sa bagay na iyon.

6. Kapag hinayaan ng Diyos ang tao sa kanyang makasalanang pagnanasa ang kinauuwian ng tao ay:
   a. sukdulang kasamaan tulad ng sinasabi sa Genesis 6:5 at Romans 1:18-32.
   b. depende sa sitwasyon.
   c. depende kung siya ay mayaman o mahirap.

7. Alin ang tamang statement?
   a. Ang lahat ng kasalanan ay may kalakip na parusa.
   b. Kapag wala pa sa tamang edad ang isang bata, siya ay hindi pa pananagutin sa kanyang mga kasalanan.
   c. Ang parusa sa malalaking kasalanan, tulad ng pagpatay ng tao, ay kamatayan.

8. Pagdating sa relasyon sa pamilya, magkaibigan or community, ang pagtatalo o hindi pagkakaunawaan ay nangyayari. Ano ang tamang gawin?
   a. Sa tuwing nagkakaroon ng pagtatalo na nauuwi sa hindi pagkakaunawaan, mag-reflect sa mga nasabi o nagawa sa iba and take responsibility for it.

   b. Sa tuwing nagkakaroon ng pagtatalo na nauuwi sa hindi pagkakaunawaan, balikan ang mga nasabi o nagawang mali ng kausap at muling i-point out ang kanyang mga pagkakamali.
   c. Sa tuwing nagkakaroon ng pagtatalo na nauuwi sa hindi pagkakaunawaan, ipagwalang bahala ang mga nangyari and learn not to deal with it.

9. Alin ang tamang statement?
   a. Ang magsabi ng *white lies* ay hindi big deal sapagkat ito ay minor lang na pagsisinungaling.
   b. Ang hindi paggamit ng overpass sa tuwing tumatawid para mas mapabilis ang pagtawid ay mabuting gawin.
   c. Ang hindi pakikiayon sa mga gawaing tanggap ng normal at ginagawa na ng marami bagamat hindi ito tama, ang mabuting gawin.

10. Anong *life principle* ang dapat na mayroon tayo?
   a. *You only live once, so have fun.*
   b. *Discover your life's purpose by knowing your creator.*
   c. *Love yourself, above all.*

© Revised April 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.